Mga Dalubhasa Din Kami!

# CHECKLIST

bilang suporta sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad




INTERNATIONAL ACCOUNTABILITY PROJECT

Sa checklist na ito, makikita niyo ang buod ng mga pangunahing estratehiya at rekomendasyon na inilalarawan sa *Gabay sa Kilos para sa Pananaliksik na Pamumunuan ng Komunidad*. Kasama ng *Modelo ng Sarbey para sa Pananaliksik na Pamumunuan ng Komunidad*, maaari mong gamitin ang Checklist na ito at ihalaw para sa iyong sariling komunidad.




© Copyright 2018, International Accountability Project
www.accountabilityproject.org
Disenyo at Paglalatag ni Letizia Farisato
Larawang-guhit ni Haris Ichwan

# Ano ang PANANALIKSIK NA PAMUMUNUAN NG KOMUNIDAD?

Kapag narinig mo ang salitang "pananaliksik," ano ang naiisip mo? Pakiramadam mo ba ay mga piling tao lang ang gumagawa nito? Pakiramdam mo ba ay mahirap itong gawin, at para lamang ito sa mga propesor sa mga unibersidad?

Hindi kailangang ganon ang maramdaman natin tungkol sa pananaliksik. Naniniwala kami na dapat ito ay isang prosesong pinagtutulungan, kung saan ang komunidad ay may kapangyarihang tukuyin, pamunuan at isagawa ang pananaliksik sa paksang sila mismo ang pipili, at nararamdaman ng lahat ng kalahok na sila ay malayang mag-ambag, magkuro-kuro at gamitin ang kaalamang makakalap mula dito.

Binigyan-kahulugan ng Mekong Community Institute ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad bilang *"paghahanap sa karunungan base sa lokal na kadalubhasaan ng mga miyembro ng komunidad, para sa ikabubuti ng komunidad."* Madalas sa ibang pananaliksik, nagsisimula ito sa mga tanong mula sa taong nasa labas ng komunidad.

Sa **pananaliksik na pamumunuan ng komunidad**, ang mga miyembro ng komunidad mismo ang tumutukoy ng sarili nilang paksa, mga tanong at proseso, kung saan nagagawa nilang lumikha, magsuri at ipaliwanag ang sarili nilang karunungan at karanasan. Sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, pinagtitibay ng komunidad ang kanilang lokal na kaalaman, kaugalian at tradisyon, at pagmamay-ari nila ang kaalaman na nagbubunga dito. Hindi na lamang pokus o paksa ng pananaliksik ang komunidad. Hindi lamang mananaliksik o akademiko – **ang komunidad ay dalubhasa din!**

Sa katunayan, kapag mga miyembro ng komunidad ang mismong nananaliksik, may mga bagay silang maaaring matuklasan na hindi basta makikita ng iba. May likas na kaalaman ang komunidad sa kanilang sariling paligid at kapaligiran na maaaring hindi mapagtanto ng mga nagdedesisyon at nagpaplano ng mga proyekto. Madalas, nakakatulong ang proseso ng pananaliksik upang mas maunawaan ng komunidad ang kanilang mga kinakaharap na problema, magkaroon ng kumpyansa sa kanilang kaalaman at mga ideya, at pagtibayin ang pagkakaisa at pananagutan ng mga miyembro nito, at malinang ang mga mahahalagang kahusayan para sa pag-organisa ng komunidad. Ang mga kahusayan at kaalaman na magiging bunga ng pananaliksik ay magagamit sa pagsasagawa ng mga programa na pamumunuan din ng komunidad.

Ang mga resulta ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad ay magpapakita ng mga posibleng alternatibo, at ang buong proseso ng pag-unlad ang magbibigay ng lakas sa **komunidad na bawiin ang kanilang kapangyarihan**. Kapag ang komunidad at ang layunin nito ang nasa sentro ng proseso ng pagpapa-unlad, magiging makapangyarihang sandata ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad!

Base sa mga umiiral na pamamaraan ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, ang Checklist na ito ay binuo namin at ng aming mga kasama bilang kagamitan ng mga komunidad, mga nag-oorganisa nito, at ng mga lokal na grupo ng lipunang sibil na interesado rin sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad.

Ibinabalangkas ng **Checklist** ang mga pangunahing hakbang kung paano gagamitin ng komunidad ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad upang tukuyin ang kanilang mga prayoridad sa pagpapa-unlad.

Kasama dito ang mga mahahalagang hakbang upang **Maghanda, Magsaliksik** at **Magsulong** ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad.

| | | |
|---|---|---|
| 1 | Maghanda | a. Tukuyin ang Paska ng Pananaliksik<br>b. Bumuo ng Grupo ng Mananaliksik<br>c. Tukuyin ang mga Kaalyado at mga Taga-impluwensya<br>d. Supilin ang mga Panganib sa Seguridad<br>e. Magdisenyo ng Kagamitan sa Pananaliksik |
| 2 | Magsaliksik | f Isali ang Komunidad sa Buong Proseso<br>g Kumalap ng Datos<br>h Buuin ang Pananaliksik at mga Rekomendasyon<br>i Ibahagi ang Pangunang Bersyon at mga Suhestiyon |
| 3 | Magsulong | j Ibahagi ang Pinal na Bersyon at mga Suhestiyon<br>k Sama-samang Kumilos!<br>l Pagnilayan |

*Nais kilalanin ng IAP ang Asia Pacific Forum on Women Law and Development (APWLD) at ang Mekong Community Institute (MCI) sa pagbabahagi ng kanilang makabuluhang mga komento.*

# 1

# Maghanda

## 1. TUKUYIN ANG PAKSA NG PANANALIKSIK

Magsagawa ng pagpupulong o mga pag-uusap sa komunidad, kasama ang hangga't maaari'y lahat ng tao sa komunidad, upang matukoy ang pinakamahahalagang tanong na dapat saliksikin. Siguraduhing kasama ang mga kababaihan, kabataan, mga may kapansanan at ilang mga miyembro ng komunidad na maaaring kulang sa representasyon o hindi nabibilang sa mga ganitong klaseng pag-uusap.

Sa pagpa-plano ng pagpupulong, unang isaalang-alang *kung ligtas bang mag-organisa ng pagpupulong na lantarang pag-uusapan ang mga problema sa inyong komunidad*. Kailangang pumili ng lugar kung saan hindi maaaring makatawag ng pansin ng mga awtoridad ang pagpupulong, tulad ng isang tradisyonal na pagdiriwang o isang palagiang kaganapan sa komunidad. Tukuyin at kumonsulta sa mga pinagkakatiwalaang namumuno sa inyong komunidad. Kung delikadong magsagawa ng malaking pagpupulong, magsimula sa mga maliliit at hindi pormal na diskusyon kasama ang iba't ibang grupo sa inyong komunidad.

Pagkatapos magpulong, tukuyin ang paksa ng pananaliksik at kung ano ang nais niyong matutunan. Sama-sama ninyong pagpasiyahan kung paano isasagawa ang pananaliksik, anong mga tungkulin at kagamitan ang kailangan at isang makatotohanang oras na makukumpleto ang pananaliksik.

Ang paksang mapipili ay maaaring iba sa matutukoy ng mga bangko sa pagpapaunlad, mga namamahala ng proyekto o ng gobyerno. Maaaring hamunin ang kanilang mga panukala, lalo na kung ang mga ito ay mali o hindi kumpleto. Halimbawa, ang mga pananaliksik ng komunidad tungkol sa posibleng epekto sa tao at kapaligiran ng isang proyekto ay maaaring kapulutan ng detalyeng kulang, hindi naisama o mali sa mga "opisyal na dokumento."

**RESOURCE BOX**

**Pagtukoy at Pagsuri ng Problema:** isang *toolkit mula sa Community Tool Box* na nagbibigay ng mga pagkukunan at mga payo sa pagsagawa, pagturo at pagsasanay para sa pag-organisa ng pagpapaunlad ng komunidad

→ *bit.ly/ComAnalyze*

**Village Book:** sa prosesong *Village Book* na ginawa ng ActionAid, sinusuri at nilalathala ng mga tao ang kanilang pangkalahatang kalagayan upang maunawaan ang sanhi ng mga problema ng kanilang bayan

→ *bit.ly/VillageBook*

## 2. BUMUO NG GRUPO NG MANANALIKSIK

Lumapit sa mga miyembro ng komunidad upang bumuo ng grupo ng mananaliksik. Ang mga miyembro ng grupo ang siyang makikipag-usap sa buong komunidad, magtatanong at magdudugtong-dugtong ng mga impormasyong nakalap. Kailangang kumatawan ang grupo ng mga iba't ibang klase ng tao sa komunidad, lalo na sa mga kulang ang representasyon o hindi nabibilang. Ang bilang ng mga miyembro ng grupo ay depende sa saklaw ng pananaliksik, pero kadalasan ay higit sa sampung miyembro ang kailangan.

Mahalagang ipagsanay ang inyong grupo. Kasama ng inyong grupo, kailangang unawain kung bakit ito ang napiling paksa ng pananaliksik, kung ano ang kanilang layunin sa pagsasaliksik, at ang magiging tungkulin ng bawat isang miyembro. Kailangang maging komportable sa pakikipag-usap

at pagpapanayam ang mga miyembro ng grupo, isahan man o sa maliliit na pagpupulong. Tandaan, na ang proseso ng pananaliksik ay isang palitan ng impormasyon, at maaaring may tanong ang mga lalahok dito. Kailangang maintindihan ng bawat miyembro ng grupo ang paksa ng pananaliksik at ang anumang plano ng pagpapa-unlad na pamumunuan ng komunidad.

RESOURCE BOX

**Isang Manwal para sa mga Mananaliksik ng Komunidad:**
Ito ay isang manwal sa pagsasanay na may mga aktibidad at gawain para sa mga mananaliksik ng komunidad, kabilang ang pagpapakilala sa konsepto ng pananaliksik at mga kagamitan sa pananaliksik tulad ng sarbey, panayam at mga naka-pokus na grupong talakayan

→ *bit.ly/CBPRManual*

## 3. TUKUYIN ANG MGA KAALYADO AT MGA TAGA-IMPLUWENSYA

Bukod sa iyong grupo ng mananaliksik, may ibang kaalyado ring maaaring mag-ambag sa proseso ng pananaliksik. Maaaring maabala ang mga miyembro ng komunidad sa kanilang trabaho o walang gaanong oras upang lumahok sa lahat ng bahagi ng pananaliksik. Sa ganoong pagkakataon, ang paglapit sa mga kaalyado, tulad ng mga mag-aaral ng unibersidad o mga grupo ng lipunang sibil ay maaaring makatulong. Halimbawa, ang isang pinagkakatiwalaan mong mag-aaral ng unibersidad ay maaaring magbigay ng teknikal na suporta sa pagdisenyo ng kagamitan para sa pananaliksik, o gumawa ng sistema para ayusin ang mga datos. Humingi ng payo at suporta ng ibang komunidad na naapektuhan din ng proyekto, kumpanya, bangko, o kung sino man ang gumagawa din ng kaparehong proseso ng pananaliksik.

Ang mga lokal, nasyonal o internasyonal na grupo ng lipunang sibil ay maaari ring makapagbigay ng karagdagang impormasyon at, kapag kumpleto na ang pananaliksik, maaari rin nilang palakasin ang pagpapakalat ng mensahe upang makarating sa mga nararapat na makarinig at maging sa mga mayhawak ng desisyon. Ang mga pinagkakatiwalaang akademiko at kasapi ng gobyerno ay maaaring makatulong sa pagsuri ng mga resulta ng pananaliksik at pagtukoy ng mga mahahalagang natuklasan at kabuuang mga modelo. Depende sa inyong

layunin, may mga kaalyado ring maaaring tumulong na ilapat ang mga resulta ng pananaliksik sa isang grap, isang nakasulat na ulat, o bidyo.

Kung ligtas para sa komunidad at hindi malalagay sa peligro ang pananaliksik o ang programa, maaaring makipag-ugnayan sa mga mahahalagang tagapamahala na may impluwensiya sa ilang bahagi ng paksa ng inyong pananaliksik. Halimbawa, maaari kang gumuhit ng mapa ng ugnayan ng mga kaalyado at tagapamahala upang patibayin ang inyong estratehiya at makamit ang layunin ng inyong programa. Muli, kung ligtas at makakabuti para sa inyong programa, mag-iskedyul ng pagpupulong o tawag sa telepono upang ipaalam sa kanila ang tungkol sa pananaliksik. Kung maayos ang iyong ugnayan sa kanila, alamin kung anong tanong ang nais nilang masagot ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad.

Bago kontakin ang mga kaalyado at tagapamahala, siguraduhing nasuri na ang mga peligro sa seguridad, at nakapag-desisyon kayo bilang isang grupo sa malinaw at payak na mensahe. Maingat na i-dokumento at ayusin ang mga komunikasyon at hangga't maaari, magtala ng mga nakasulat na rekord ng mga pagpupulong at pag-uusap.

## RESOURCE BOX

**Paano Kumilos sa mga Proyektong may Kinalaman sa Sapilitang Pagpapalayas at Pagpapaalis**
Ang mga gawain sa workbook na ito na inihanda ng UN Special Rapporteur on Adequate Housing ay may mga tanong na makakatulong sa pagtukoy niyo ng iba't ibang mga taong may kinalaman sa paksa ng inyong pananaliksik at mga potensyal na kaalyado.

→ *bit.ly/UNForcedEviction*

**Chapatti Diagram:** isang kasangkapan mula sa ActionAid na makakatulong sa inyong suriin ang iba't ibang paggalaw ng kapangyarihan sa loob ng at sa pagitan ng mga grupo at organisasyon

→ *bit.ly/ChapattiDiagram*

**Gate Keeper Tool:** isang kasangkapan mula sa ActionAid para matukoy ang mga tao na makakatulong sayong makarating sa mga tagapamahala kaugnay sa iyong adbokasiya o isinusulong na gawain.

→ *bit.ly/gatekeepertool*

## 4. SUPILIN ANG MGA PANGANIB SA SEGURIDAD

Protektahan mo ang kaligtasan ng inyong grupo ng mananaliksik at ang iyong komunidad sa bawat hakbang ng proseso ng pananaliksik. Minsan, nakakatanggap ng banta o di kaya'y napapahamak dahil sa pagsasalita tungkol sa proyektong pangkaunlaran, sa kumpanya, o sa gobyerno. Maaaring malagay sa panganib ang mga taong may alam na impormasyon tungkol sa isang proyektong pangkaunlaran.

Base sa mga panganib na ito, lahat ng interesadong makibahagi sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad ay dapat na makapagpasiya kung gusto nilang makibahagi at paano nila gagawin ito. Sa simula ng pananaliksik at sa bawat hakbang ng proseso nito, kailangang patuloy na suriin ng inyong grupo ang lahat na potensyal na panganib (kabilang na ang mga ibinahagi ng mga kaalyado at taga-impluwensya), at plano para mabawasan ang mga panganib na ito para sa lahat.

Unahing pag-usapan ang mga panganib kasama ang mga miyembro at kalahok sa pananaliksik, at saka tanungin kung nais pa ba nilang lumahok. Sa pagbahagi ng kanilang mga kuwento at pananaw, nagkakaroon ng tiwala ang mga kalahok sa inyo. Kailangang protektahan ang kanilang katauhan at ang kanilang ambag sa lahat ng oras. Ipaliwanag sa kanila kung paano gagamitin ang mga litrato, bidyo at pahayag at humingi ng pahintulot bago gamitin ang mga ito.

**RESOURCE BOX**

Upang maintindihan ang mga panganib at magsagawa ng plano sa seguridad, kumonsulta sa **Workbook sa Seguridad**, mula sa Frontline Defenders, na mababasa sa 11 na wika.

→ *bit.ly/HRDWorkbook*

Alamin kung paano mapoprotektahan ang impormasyon sa iyong telepono o kompyuter sa pamamagitan ng pagbabasa ng **Security in-a-Box** mula sa Tactical Tech

→ *securityinabox.org/en/tactics/*

## 5. MAGDISENYO NG KAGAMITAN SA PANANALIKSIK

Maraming kagamitan sa pananaliksik, tulad ng pagmamapa ng komunidad, pagsusubaybay sa komunidad, mga sarbey at mga palatanungan. Isang halimbawa na tatalakayin natin ay ang Modelo ng Sarbey na Pamumunuan ng Komunidad. Ang isang sarbey na pamumunuan ng komunidad, kumpara sa isang karaniwang sarbey, ay hindi lamang tungkol sa pagkalap ng impormasyon – binibigyang-daan din nito ang palitan ng impormasyon sa pagitan ng komunidad at ng grupo ng mananaliksik. Isaalang-alang kung anong naaangkop na impormasyon ang dapat ibahagi ng grupo ng mananaliksik upang maging maalam ang mga kalahok sa paksa ng pananaliksik. Halimbawa, kung naghahanap kayo ng impormasyon tungkol sa karanasan ng komunidad sa isang panukalang proyektong pangkaunlaran, maaaring ihanda ang impormasyon tungkol sa pagdisenyo, pagpopondo, at pagpapatupad ng pagpapa-unlad sa inyong bansa.

Kung nagpasiya ang inyong grupo na magsagawa ng Sarbey na Pamumunuan ng Komunidad, siguraduhing ang mga tanong ay naka-pokus, madaling intindihin at dinisenyo bilang isang grupo. Maaaring nagpasiya kayo na ilan sa mga tanong ay may sagot na "Oo" o "Hindi," o may pagpipiliang mga sagot, o may puwang para sa mga komento. Ang mga sagot ay maaaring base sa personal na karanasan o sa kaunlarang hinahangad ng komunidad, kung meron man. Maaaring maging saklaw ng mga tanong sa sarbey ang iba't ibang paksa, depende sa layunin ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad. Halimbawa, tignan ang isang komunidad na maaaring mawalan ng mga tirahan para magbigay-daan sa paggawa ng isang highway. Mag-isip ng mga tanong tulad ng:

*"Paano maaapektuhan ang inyong mga anak, kung kailangan ninyong lumipat?" "Paano maaapektuhan ang inyong trabaho o kabuhayan, kung kailangan ninyong lumipat?" "Anong mga karaniwang pagkukunan o lugar (tulad ng paaralan, templo, o ilog) ang mawawala sa iyo, kung kailangan ninyong lumipat?"*

Tignan ang paunang sarbey kasama ang inyong grupo ng mga mananaliksik at tiyakin na malinaw, nakaayos at madaling maintindihan ang mga tanong. Hikayatin ang grupo na magsanay at magpatibay ng kumpyansa sa pamamagitan ng pagpapananyam sa isa't isa. Tantyahin ang haba ng oras na kakailanganin upang makumpleto ang proseso ng pananaliksik at marapat na planuhin ang mga pagpupulong sa komunidad at ang pagbisita dito.

Kung naghahanap kayo ng mga halimbawa, may mga aktibista mula sa 8 bansa na naging bahagi ng *Global Advocacy Team* ng IAP na gumawa ng Modelo ng Sarbey para sa kanilang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad. Gamitin o ihalaw ang Modelo Ng Sarbey Para Sa Kanilang Pananaliksik Na Pamumunuan, o gumawa ng bago at subukan ito sa inyong komunidad!

Kapag nakapili na ng kagamitan para sa pananaliksik, magsagawa ng isang sistema para maisaayos ang makakalap sa pananaliksik. Makakatulong ang pagsasaayos ng pananaliksik sa inyong grupo, mga kaalyado at sa miyembro ng komunidad na maunawaan ang resulta bago pa ito maging isang ganap na programa. May ilang mga programa sa kompyuter ang awtomatikong nagsusuri ng datos, ngunit maaaring kailangan nito ng internet o maaaring hindi nakasalin sa lokal na wika ng inyong komunidad. May iba namang hindi libre.

**RESOURCE BOX**

Mga pagkukunan tulad ng **Toolkit para sa Pananliksik ng Programa** mula sa Data-Center ay maaaring makatulong sa paggawa ng kagamitan

→ *http://bit.ly/CampaignResearchTOolkit*

Para sa mga sarbey, may mga programa tulad ng **Survey Monkey** (*www.surveymonkey.com*), o **Google Forms** (*https://www.google.com/forms/about/*) at **KoBo Toolbox** (*http://www.kobotoolbox.org/*) na makakatulong sa pagsasaayos at pagsusuri ng mga resulta ng pananaliksik

2

# Magsaliksik

## 6. ISALI ANG KOMUNIDAD SA BUONG PROSESO

Mahalaga para sa grupo ng mananaliksik ang palagiang pagbabalita at pagsasama ng buong komunidad sa buong proseso ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad. Sa umpisa pa lang, kailangang bumuo ng proseso upang ipaalam ang mga gawain at mga oras kung kailan dapat magpulong ang komunidad para sa pagsusuri at pagbibigay ng kanilang pananaw.

Simulan ang pananaliksik sa pagbeberipika sa komunidad ng plano at layunin ng grupo ng mananaliksik. Kapag handa na ang proseso, ibahagi ang impormasyon kung paano isasagawa ang pananaliksik. Pag-aralan ang paunang resulta kasama ang komunidad bago ito gawing pinal at i-anunsyo bilang bahagi ng inyong programa. Magpa-beripika at magpasuri ng mga resulta sa komunidad, upang matukoy ang prayoridad na pinakamahalagang gawin sa programa.

RESOURCE BOX

**Komunikasyon at Kapangyarihan:** isang toolkit mula sa CIRAC na nagbibigay ng iba't ibang metodolohiya at halimbawa kung paano makipag-usap sa mga komunidad

→ *bit.ily/CommucationPowerEng*

## 7. KUMALAP NG DATOS

Gawin ang inyong pananaliksik sa oras at lugar na magiging ligtas, maginhawa at madali para sa mga kalahok. Maging handa sa pagbahagi ng impormasyon at sumagot sa mga tanong upang ganap na maalam ang mga kalahok tungkol sa paksa ng pananaliksik. Ipaliwanag ang layunin at proseso ng pananaliksik sa bawat kalahok.

Planuhin kung paano magbabahagi at kakalap ng impormasyon upang lahat sa komunidad ay maaaring makalahok. Halimbawa, kung may ilang hindi marunong magbasa o magsulat, ipaliwanag at gawin ang proseso na pantay-pantay ang paglahok ng lahat. Tanungin ang mga kalahok kung gusto nilang maisapubliko ang kanilang litrato, pangalan, at pagkakakilanlan. Muli, mahalagang ingatan at protektahan ang pagkakakilanlan ng mga miyembro ng komunidad na lumalahok sa inyong pananaliksik.

Para matulungan ang mga kalahok, kumonsulta sa mga taong aktibo sa mga organisasyon sa komunidad at sa mga maraming kakilala sa komunidad. Tukuyin kung paano maisasama ng grupo ng mananaliksik ang mga madalas kulang sa representasyon o hindi naisasali sa mga usapin sa komunidad. Kung may mga taong nagpasiya na hindi lumahok sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, kailangang irespeto ng grupo ang kanilang desisyon.

Maaaring hindi posible na isama ang buong komunidad sa proseso ng pananaliksik. Upang makakuha ng sapat na datos ng pananaw, gawing layunin ang isagawa ang pananaliksik sa hindi bababa sa 100 katao. Base sa iyong pagsusuri ng seguridad, maaaring isagawa ng grupo ng mananaliksik ang pagtatanong sa indibidwal na miyembro, o sa maliliit na grupo ng 10 tao, at kung kailangan, tulungan silang itala ang kanilang eksaktong sagot at komento. Bawat miyembro ng grupo ng mananaliksik ay dapat aktibo sa pagkalap ng datos upang masiguro na malinaw at hindi pabago-bago ang mga ito.

Sa pagsagawa ng sarbey, halimbawa, kailangang isa-isang magtanong ang mga miyembro ng grupo ng mananaliksik at linawin ang mga hindi nauunawaang salita. Tandaan, makinig nang mabuti, huwag sumabat o magkomen-

to sa mga sagot, at bigyan ang mga kalahok ng sapat na oras para sumagot sa bawat tanong. Minsan may mga kalahok na maaaring maging emosyonal kapag naalala ang mga masasamang sinapit. Maging sensitibo at matiyaga.

RESOURCE BOX

**Transect Walks:** kagamitang gamit ng CatComm para sa mga grupong nagsasagawa ng mga pagpapabuti sa komunidad gamit ang obserbasyon
→ *http://catcomm.org/transect-walk/*

## 8. BUUIN ANG PANANALIKSIK AT MGA REKOMENDASYON

Matapos makalap ang lahat ng datos, oras na para pagsama-samahin ang mga ito upang lumalim ang ating pang-unawa. Kung gumagamit kayo ng programa sa kompyuter para magsuri ng inyong pananaliksik, siguraduhing subukan muna ito ng inyong grupo ng mananaliksik. Kung balak ninyong suriin ang pananaliksik na walang programa sa kompyuter, tukuyin ang pinakamainam na paraan upang makita ang inyong pagkumpleto sa bawat hakbang.

Kung sarbey ang inyong kagamitan sa pagsasaliksik, lagyan ng numero ang bawat sarbey at gumawa ng mga kopya. Para maprotektahan ang mga datos at mga kalahok, itago ang sarbey at ang mga kopya nito sa isang ligtas na lugar habang isinasagawa ninyo ang pag-aaral.

Matapos itala ang mga datos sa iisang lugar, kailangang tignan ng grupo ng mananaliksik ang kawastuhan nito. Naitala ba ang bawat sagot? Para sa mga tanong kung saan pumili ng sagot mula sa isang listahan, kalkulahin ang porsyento ng sagot sa bawat pinagpilian para sagutin ang tanong.

Pansining maigi ang mga komento ng nga kalahok. Halimbawa, maaaring madiskubre ninyo na sa isang komunidad kung saan puwersahang pinaalis ang mga tao, maraming kalahok ang nakaranas ng pisikal na dahas. I-dokumento ang mga ganong klaseng karanasan – epektibong maipapakita

ng mga ganitong personal na kuwento ang reyalidad ng mga tao sa likod ng mga numero ng datos.

Magiging personal at makakapukaw ng damdamin ang paglalagay ng indibidwal na kuwento sa inyong pananaliksik. Habang karamihan ay pipiliing maging pribado ang kanilang pagkakakilanlan, meron ding iba na nais isapubliko ang kanilang kuwento. Ugaliing kumuha ng pahintulot bago ilabas ang isang kuwento, kahit hindi ninyo gagamitin ang kanilang tunay na pangalan.

Pagkatapos, tignan ang inyong datos (pati ang mga komento) para sa impormasyon, mga trend, o mga pattern na direktang tumutukoy sa layunin ng inyong pananaliksik. Maaaring makatulong ang isang kaalyado na may karanasan sa pagsuri ng datos sa puntong ito ng inyong pananaliksik.

RESOURCE BOX

Gamitin ang **Isang Gabay sa mga Hakbang ng Kuwalitatibong Pagsuri ng Datos** na makikita sa Pimatiziwin upang matulungan kayo sa pagsuri ng inyong mga natuklasan

→ *bit.ly/QualitativeDataAnalysis*

Gamitin ang **Manwal ng Pagkukuwento** mula sa Capacity Canda upang makakuha ng mga ideya kung paano ibabahagi ang kuwento ng inyong pananaliksik at natuklasan sa inyong komunidad

→ *bit.ly/StorytellingManual*

## 9. IBAHAGI ANG PANGUNANG BERSYON AT MGA SUHESTIYON

Gumawa ng pangunang bersyon ng mga resulta ng inyong buong pananaliksik at ibahagi ito sa komunidad. Maaaring ibahagi ito sa iba't ibang anyo upang mas maging makabuluhan para sa lahat. Halimbawa, kung hindi lahat ng miyembro ng komunidad ay marunong magbasa, maaaring gumamit ng mga larawan upang ibahagi ang resulta. Hingin ang kanilang puna at tanungin kung alin sa resulta ang dapat gawing prayoridad at kung meron silang panukala na maaaring isama sa programa na pamumunuan ng komunidad.

Kung ligtas itong gawin, maaaring magtanong sa mga kaalyado, mga opisyal at mga tagapamahala na inyong kinontak noong simula ng inyong pananaliksik upang pag-aralan ang resulta nito. Kung makakatulong, maaari niyo din silang hingian ng rekomendasyon bago isapubliko ang resulta ng pananaliksik. Gayunpaman, hindi dapat mabago ng kanilang rekomendasyon ang prayoridad na natukoy ng mismong komunidad. Kapag nakuha na ang lahat ng pananaw, at depende sa layunin ng inyong adbokasiya, pagpasiyahan kung anong pananaliksik ang gagawing prayoridad at isasama sa inyong programa.

**RESOURCE BOX**

Basahin ang tungkol sa mga karanasan ng mga nag-o-organisa ng komunidad sa iba't ibang panig ng mundo, na gumawa din ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad gamit ang Modelo ng Sarbey para sa Pananaliksik Na Pamumunuan Ng Komunidad na ginawa ng Global Advocacy Team ng IAP.

**Pananaliksik Na Pamumunuan Ng Komunidad:** ang Kuwento ni Sukhgerel

→ *bit.ly/sukhgerelstory*

**Pananaliksik Na Pamumunuan Ng Komunidad:** ang Kuwento ni Elias

→ *bit.ly/eliasstory*

**Pananaliksik Na Pamumunuan Ng Komunidad:** ang Kuwento ni Mela

→ *bit.ly/melasstory*

# 3

# Magsulong

## 10. IBAHAGI ANG PINAL NA BERSYON AT MGA REKOMENDASYON

Ngayon, oras na upang ilapat ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad sa inyong programa!

Dahil natukoy ang mga mahahalagang tatangkilik mula pa sa bahaging **Maghanda**, pag-aralan ang estratehiya upang ibahagi ang mga resulta at rekomendasyon. Halimbawa, kung natukoy ninyong ligtas na isali ang mga lokal na tagapamahala, maaari kayong magsagawa ng mga aktibidad sa komunidad upang ibahagi ang resulta ng sarbey at i-dokumento ang aktibidad sa pamamagitan ng mga litrato at bidyo. Kung ang nais niyong ibahagi ang pananaliksik sa mga tao sa labas ng komunidad o ng bansa, ang mga kaalyadong may kaugnayan na sa kanila ang maaaring makatulong o makapagbigay ng payo sa inyo.

Pag-aralan kung sino ang mga nais ninyong impluwensiyahan, at pag-isipan kung ano ang pinakamabuting paraan para tanggapin nila at kumilos ayon sa pananaliksik at mga rekomendasyon. Muling alalahanin ang naging pasiya ng grupo ng mananaliksik at ng komunidad kung paano ibabahagi ang mga impormasyon. Pinakamainam ba kung ito ay nakasulat? Kung oo, gaano dapat ito kahaba, at anong anyo ang magiging kaaya-aya para sa kanilang basahin? Dapat bang ibahagi ito ng personal, o gumawa ng mga karatula ng pagpo-protesta, bidyo, isang infographic, o sa website? Makakatulong ang mga kaalyado dito – kung siya man ay isang editor ng

bidyo, nagdidisenyo ng mga grapika, o pintor. Kailangang maging madiskarte at malikhain!

RESOURCE BOX

**Balik sa Pagpapa-Unlad: Isang Tawag sa Maaaring Maging Kaunlaran** mula sa IAP ay nagbibigay ng mga halimbawa at kuwento kung paano binahagi ng 8 nag-o-organisa ng komunidad ang resulta ng kanilang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad

→ *bit.ly/whatdevelopmentcouldbe*

Gamitin ang **Cookbook sa Mobilisasyon:** isang gabay ng Moblab para sa mga kampanyang pinapatakbo ng mga tao upang matutunan kung paano gamitin ang inyong mga natuklasan sa isang malaking kampanya

→ *bit.ly/mobilisationcookbook*

Gamitin ang huling yugto ng **Paglalarawan ng Impormasyon para sa Adbokasiya** na gabay mula sa Tactical Tech upang matutunan kung paano gumawa ng mga biswal para sa inyong datos

→ *bit.ly/VisualisingForAdvocacy*

**Pagsuri ng Kritikal na Daan** mula sa The Change Agency ay isang serye ng mga gawain na makakatulong sa pag-isip kung paano makahihikayat ang inyong pananaliksik ng makabuluhang pagbabago

→ *bit.ly/changeagency*

## 11. SAMA-SAMANG KUMILOS!

Ang pagbabahagi ng inyong pananaliksik at mga rekomendasyon ay isang mahalagang hakbang upang magsulong ng pagbabago, pati na rin sa pagmomobilisa at pagpapahayag sa iba ang tungkol sa mga plano at ideya ng komunidad sa kanilang pagpapa-unlad.

Sundin ang tinakdang panahon noong umpisa ng proseso ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, palagiang pag-aralan ang bawat hakbang at ayusin ang mga pamamaraan, kung kinakailangan, upang mapakinabangan ang mga tagumpay at mga bagong oportunidad.

Maaaring makatulong ang inyong pananaliksik at mga rekomendasyon sa ibang komunidad, kilusang panlipunan, o mga grupo ng lipunang sibil. Ibahagi ang inyong gawa sa kanila!

RESOURCE BOX

Ang **Gabay sa Pagkilos ng Komunidad para sa Bangkong Pagpapaunlad ng Asya** ng IAP ay nagbibigay ng mga ideya sa iba't ibang paraan kung paano isasakilos ang inyong pananaliksik na pamumunuan ng komunidad

→ *bit.ly/ADBGuide*

**Pagbibilang ng Aming Tagumpay: Isang Gabay sa Pagsasanay sa Popular na Edukasyon at Pag-o-organisa** mula sa Repeal the Deal Productions ay nagbibigay ng mga materyales ng pagsasanay para sa pag-organisa at pagturo sa ibang tao tungkol sa iyong paksa ng pananaliksik

→ *bit.ly/CountingOurVictories*

Gumawa at suriin ang isang plano ng pagkilos gamit ang **Tulay**

→ *bit.ly/actionaidbridge*

## 12. PAGNILAYAN

Matapos simulan ang adbokasiya, maglaan ng ilang petsa para sa grupo ng mananaliksik upang sukatin at pagnilayan ang inyong mga nagawa tungo sa layunin ng programa. Imbitahan ang inyong grupo ng mananaliksik na magnilay-nilay sa kabuuang proseso ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, tukuyin ang progreso sa pagtupad ng mga layunin, pag-usapan ang mga bagong hamon at pag-isipan ang posibleng pagbabago sa mga susunod na hakbang. Ang pagninilay ay pagkakataong matuto at magdiwang para sa mga indibidwal at sa buong komunidad. Maaari ding magnilay-nilay sa bawat hakbang ng proseso ng pananaliksik at sa katapusan ng programa.

RESOURCE BOX

Gamitin ang **Pagbibilang ng Buto ng Pagbabago: Balangkas ng Pagninilay at Pagsusuri** ng SARN ay isang maayos na paraan upang pagnilayan ang inyong proseso ng pananaliksik at kampanya

→ *bit.ly/CountingSeedsForChange*

**Ngayong nakita niyo na ang 12 hakbang**, sana ay nagkaroon kayo ng mas malinaw na ideya kung ano ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, at kung paano niyo ito gagawin. Iba-iba rin ang paraan ng pag-organisa ng mga komunidad sa kanilang pananaliksik – at yon ang kagandahan nito!

**Handa ka na bang simulan ang iyong pananaliksik na pamumunuan ng komunidad?**

**Gamitin ang Checklist na ito bilang gabay sa iyong paglalakbay!**



INTERNATIONAL ACCOUNTABILITY PROJECT

accountabilityproject.org